City Government of Marikina
GSO Records Management Division
Document Tracking System
16- 020329

Republika ng Pilipinas
SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MARIKINA

PRESENT:

HON. JOSE FABIAN I. CADIZ, M.D.	Vice Mayor/ Presiding Officer

1ST DISTRICT

HON. RONNIE S. ACUÑA	City Councilor
HON. JOSEPH B. BANZON	City Councilor
HON. SERAFIN Y. BERNARDINO	City Councilor
HON. LEANOR F. CARLOS	City Councilor
HON. MARIO M. DE LEON	City Councilor
HON. EVA AGUIRRE-PAZ	City Councilor
HON. THADDEUS ANTONIO M. SANTOS, JR.	City Councilor
HON. MANUEL E. SARMIENTO	City Councilor

2ND DISTRICT

HON. PAUL B. DAYAO	City Councilor
HON. LEVY DL. DE GUZMAN	City Councilor
HON. MARK ALBERT J. DEL ROSARIO	City Councilor
HON. DONN CARLO B. FAVIS	City Councilor
HON. ERNESTO M. FLORES	City Councilor
HON. SUSANA P. MAGTUBO	City Councilor
HON. RUBEN R. REYES	City Councilor
HON. XYZA DIAZEN-SANTOS	City Councilor

SECTORAL REPRESENTATIVE

HON. EDWIN A. ADIGUE	Liga President

RESOLUSYON BLG. 104
Serye ng 2016

RESOLUSYON NG PAGBATI AT PAGKILALA NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MARIKINA KAY GINOONG ROLANDO SANTOS BILANG ISANG HUWARANG SAPATERO NA GUMAWA NG SAPATOS NI PANGULONG RODRIGO DUTERTE

Panukala ni: Konsehal MARIO M. DE LEON
Konsehal RONNIE S. ACUÑA
Konsehal JOSEPH B. BANZON
Konsehal SERAFIN Y. BERNARDINO
Konsehal LEANOR F. CARLOS
Konsehal PAUL B. DAYAO
Konsehal LEVY DL. DE GUZMAN
Konsehal MARK ALBERT J. DEL ROSARIO
Konsehal DONN CARLO B. FAVIS
Konsehal ERNESTO M. FLORES
Konsehal SUSANA P. MAGTUBO
Konsehal EVA AGUIRRE-PAZ
Konsehal RUBEN R. REYES

Konsehal THADDEUS ANTONIO M. SANTOS, JR.
Konsehal XYZA DIAZEN-SANTOS
Konsehal MANUEL E. SARMIENTO
Konsehal EDWIN A. ADIGUE
Bise Alkade JOSE FABIAN I. CADIZ, M.D.

SAPAGKAT, si Ginoong Rolando Santos, 68-anyos at nakatira sa Barangay Sto. Niño, Lungsod ng Marikina ang siyang gumawa ng sapatos ni Pangulong Rodrigo Duterte;

SAPAGKAT, si Ginoong Rolando Santos ay nagpamalas ng husay dahil mag-isa siyang gumawa ng disenyo at mano-manong binuo ang ginawa niyang sapatos na wala man lamang sukat ng paa ng pangulo;

SAPAGKAT, di na rin mapasubalian at matawaran ang nagawa ni Ginoong Rolando Santos dahil ipinagmalaki ito ni Pangulong Duterte ng ito ay kanyang isinuot nuong dumalaw kamakailan sa Palasyo si US Secretary of State John Kerry;

SAPAGKAT, ito ay nagbigay daan sa malawakang pagpapatalastas sa industriya ng sapatos ng Marikina hindi lamang sa bansa kundi sa buong mundo at dahil dito'y muling nabigyang-diin na ang Marikina ay siyang kinikilalang Shoe Capital of the Philippines;

SAPAGKAT, isang karangalan sa Lungsod ng Marikina na mayroon itong isang anak na Marikenyo na kagaya ni Ginoong Rolando Santos na matalento at malikhain sa paggawa ng sapatos na ikinatutuwa ng labis ni Pangulong Duterte dahil nagpagawa pa ito ng isang pares na itim na sapatos;

SAPAGKAT, hangad ng Sangguniang Panlungsod ng Marikina na sa pamamagitan ng isang Resolusyon ay maipabatid kay Ginoong Rolando Santos ang taos-pusong pagbati at pagkilala sa kanyang natamong karangalan hindi lamang sa kapwa niya Marikenyo kundi pati na rin ang pinakamataas na pinuno ng bansa, si Pangulong Duterte;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, IPINASIYA NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD na gaya ng ginagawa ng Sangguniang ito sa ngayon, ay pinagtitibay ang Resolusyon ng Pagbati at Pagkilala ng Lungsod ng Marikina kay G. Rolando Santos bilang isang huwarang sapatero na gumawa ng sapatos ni Pangulong Rodrigo Duterte.

INIATAS na igawad ang sipi ng resolusyong ito kay Ginoong Rolando Santos, kay Pangulong Rodrigo Duterte at ang mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at kaalaman.

PINAGTIBAY ng SANGGUNIANG PANLUNGSOD, ngayong ika-3 ng Agosto, 2016.

Pinatutunayang ang Resolusyong ito ay ipinasa sa ika-4 na Pangkaraniwang Sesyon ng Sangguniang Panlungsod ng Marikina ngayong ika-3 ng Agosto, 2016.

Noralyn R. Tingcungco

NORALYN R. TINGCUNGCO
Kalihim

PINAGTIBAY:

JOSE FABIAN I. CADIZ, M.D.
Pangalawang Punong Lungsod / Tagapangulo

INAPRUBAHAN ng **PUNONG LUNGSOD** noong AUG 10 2016

MARCELINO R. TEODORO
Punong Lungsod